



## 3 Pampublikong pabahay

Ito ay pabahay na inaalay ng mga perezpektura, munisipalidad o mga rehiyonal na grupo at publikong kumpanya. Sa mga sumusunod na bahagi ay ipapaliwanag ang mga uri ng pampublikong pabahay, mga maaaring lumipat at tumira dito, ang pagpapahayag na maaari nang umupa at paraan ng pag-upa.

### 3-1 Uri ng mga pampublikong pabahay

Sa loob ng mga pampublikong pabahay ay may mga iba na inaalay ng mga rehiyonal na grupo at mayroon ding iba na inaalay ng mga publikong kumpanya. Ang mga pabahay ng perezpektura, pabahay ng lungsod, pabahay ng mga munisipalidad at iba pa ay kasama sa mga pabahay na inaalay ng mga rehiyonal na grupo. Ang mga urban housing naman ay kasama sa mga pabahay na inaalay ng UR Toshi Kikou (Urban Renaissance Agency) .

### 3-2 Ang maaaring lumipat at tumira sa pampublikong pabahay

Hindi kahit sino ay maaaring lumipat at tumira sa pampublikong pabahay dahil mahigpit na tinitignan kung ang rehistradong mamamayan ay maaaring umupa, kung ano ang hawak na visa tulad ng [diplomat] atbp, ang halaga ng kita at iba pa. Para sa mga iba pang detalye, sumangguni sa mga namamahala ng mga pampublikong pabahay.

### 3-3 Ang pagpapahayag ng pagtanggap ng aplikasyon para sa pampublikong pabahay

Nagpapahayag na maaari nang umupa ang mga pampublikong pabahay na inaalay ng perezpektura apat na beses sa isang taon (Enero, Abril, Hulyo, Oktubre) sa pamamagitan ng mga patalastas na ipinapamigay sa mga munisipyo.

Ang mga pabahay ng mga munisipalidad at lungsod din ay naglalabas ng mga patalastas na maaaring makita sa mga munisipyo at estasyon ng tren. Maaari ring makakuha nito mula sa mga chounaikai at jichikai.

Ang mga pagpapahayag ng urban housing naman ay maaaring makita sa kanilang mga website.

### 3-4 Paraan ng pag-aplay

Pagkatapos kumpirmahin ang mga kuwalipikasyon, kumpletuhin ang mga kinakailangang dokumento at mag-aplay sa takdang namamahala sa nais na upahang pabahay.

Dahil maraming taong nagnanais makaupa sa pampublikong pabahay, pipiliin ang mga nag-aplay sa pamamagitan ng bunutan.

Ang halaga ng upa ay batay sa kinikita at kailangan ding bayaran ang communal fee at iba pa maliban sa upa.

# Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



## M Tirahan at Paglipat-bahay

[Bumalik sa TOP ng M Tirahan at Paglipat-bahay](#)

Mga kailangang dokumento	Saan mag-aaplay	Kailan	Paalala
<b>1 Application form</b> <b>2 Resident certificate ng lahat ng nais tumira</b> <b>3 Dokumentong nagpapatunay ng kinikita</b> <b>4 Iba pang mga kailangan</b>	Sa tagapamahala ng nais na upahang pabahay	<Pabahay ng lungsod, munisipalidad, UR housing> periyodikal o kahit kailan <Pabahay ng perezpektura> apat na beses sa isang taon (Enero, Abril, Hulyo, Oktubre)	Magtanong ukol sa mga detalye sa mga namamahalang opisina o munisipyo.

